# Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, kanino po ako magsasamabuting-loob?" Nagsabi siya: "Sa ina mo, pagkatapos sa ina mo, pagkatapos sa ina mo, pagkatapos sa ama mo, pagkatapos sa pinakamalapit, saka sa pinakamalapit."}

Ayon kay Bahz bin Ḥakīm, ayon sa ama niya na nagsabi: Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, kanino po ako magsasamabuting-loob?" Nagsabi siya: "Sa ina mo, pagkatapos sa ina mo, pagkatapos sa ina mo, pagkatapos sa ama mo, pagkatapos sa pinakamalapit, saka sa pinakamalapit."}
[Maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām Aḥmad]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamarapat pag-ukulan sa mga tao ng pagsasamabuting-loob, paggawa ng maganda, kagandahan ng pakikitungo, kaayahan ng pakikisalamuha, pakikisama, at pagpapanatili ng ugnayang pangkaanak ay ang ina. Nagbigay-diin siya sa karapatan ng ina higit sa iba sa pamamagitan ng pag-ulit nang tatlong beses para sa paglilinaw ng kainaman nito higit sa nalalabi sa mga tao nang walang eksepsiyon. Pagkatapos nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang naglilinaw kung sino ang sumusunod sa ina sa pag-uukol ng pagsasamabuting-loob: pagkatapos sa ama mo, pagkatapos sa pinakamalapit, saka sa pinakamalapit sa mga may ugnayang pangkaanak. Sa tuwing ito ay nagiging higit na malapit, ito ay magiging higit na marapat sa pagpapanatili ng ugnayang pangkaanak kaysa sa higit na malayo.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee